Karahasan Sa Tahanan
(Domestic Violence)

Kung ikaw o ang miyembro ng iyong pamilya ay nagtiis ng karahasan sa tahanan mula sa tumatangkilik na asawa o kinakasama bilang asawa at kayo ay nagkahiwalay, ikaw ay maaari pa ring makakuha ng bisa para sa permanenteng paninirahan.

Kailangang patunayan mo

- na mayroong karahasan sa tahanan at
- kayo ay may tunay na relasyon at patuloy na nagsasama hanggang sa oras ng paghihiwalay. (tingnan ang pahina…)

ANO ANG KARAHASAN SA TAHANAN?

Karahasan Laban

- sa biktima o sa kani-kaniyang ari-arian na naging sanhi
- sa sinasabing biktima o
- sa miyembro ng pamilya ng biktima, upang matakot o mangamba o mabagabag tungkol sa pansariling kapakanan o kaligtasan ng biktima. Ang karahasang pantahanan sa Batas ng Imigrasyon ay ang pananakit sa katawan o pagbabanta ng pangkatawang pananakit.

Paano Ko Mapapatunayan Na May Naganap Na Karahasan sa Tahanan?

Ang karahasan sa tahanan sa Batas ng Imigrasyon ay mapapatunayan sa pamamagitan ng:

- Huling takdang Kautusang Pamproteksyon sa karahasan sa tahanan buhat sa isang hukuman. o
- Pinagsamang **tatlong deklarasyong takda ng batas**. Isa, mula sa iyo na naglalaman na mga detalye tungkol sa inyong pagsasama at karahasan sa tahanan. Dalawang iba pang mga deklarasyon na dapat ibigay mula sa mga pangkalusugang propesyonal o mga empleyado ng karahasan sa tahanan, na tinatawag na "**mga taong may-kakayahan”** (tingnan ang pahina…)

Ikaw ay dapat ding magbigay ng deklarasyong takda ng batas (Statutory Declaration) na naglalahad kung bakit ka naniniwala na ang inyong relasyon ay tunay at patuloy ang pagsasama hanggang sa oras ng paghihiwalay. Ikaw ay kailangang magbigay ng ebidensiya na kayo may tunay na relasyon at patuloy ang inyong pagsasama hanggang sa oras ng paghihiwalay.

Nakatala sa ibaba ang ilang mungkahi.

- kasulatan na ebidensiya ng magkabahagi o magkaparte sa tinitirahan, tulad ng kasulatan ng magkasamang sangla o mortgage o pinagsamang kasunduan sa pag-upa at mga resibo;

- ebidensiya ng pinagsamang kita at pananalaping kabuhayan at tungkulin, tulad ng magkasamang deposito ng pera sa bangko, mga pamumuhunan, mga utang, pinagsamang mga kuwenta para sa kagamitan, opisyal na pahayag tungkol sa relasyon (halimbawa – para sa layuning pangseguro) at iba pa;

- ebidensiya na ang pagsasama ay ipinahayag sa mga kaugnay na mga ahensiya ng pamahalaan tulad ng Kagawaran ng Panlipunang Kasiguruhan (Department of Social Security) (Centrelink), Tanggapan Ng Buwis ng Australia (Australian Taxation Office), Austudy, at iba pa;

- mga kopya ng mga testamento, superannuation at mga polisa ng seguro sa buhay (Life Insurance Policies) na kapwa ipinakikita ang parehong pangalan, tirahan at isinasaad ang mga tagapagmana;

- ebidensiya ng magkasamang pagsali sa kultural, panlipunan, panglibangan o iba pang gawain halimbawa mga larawan. (na nagsasaad ng petsa at pangyayari);

- ebidensiya ng may petsang mga sulat sa iyo at sa iyong asawa, magkasama o isa-isa sa inyong karaniwang tirahan sa loob ng panahon ng inyong pagsasama;

- mga deklarasyong takda ng batas buhat sa mga kamag-anak o mga kaibigan tungkol sa inyong relasyon o pagsasama;

- buong katibayan ng kapanganakan (ipinapakita ang mga delalye ng mga magulang) ng sinumang naging anak sa kanilang pagsasama;

- iba pang mga bagay na may kaugnayan.

Kung hindi ninyo maipakita ang alinman sa mga bagay na ito kailangan na kumuha kayo ng mga taong nakakakilala sa iyo at iyong kinakasama upang manumpa sa deklarasyong takda ng batas (Statutory Declaration) na nagsasaad kung bakit sila ay naniniwala na ang inyong relasyon o pagsasama ay tunay hanggang sa kayo ay maghiwalay. Maaari ninyong gamitin ang porma bilang 888 ng Kagawaran Ng Imigrasyon (DIMIA Form 888) (http://www.immi.gov.au/allforms/pdf/888.pdf) para sa mga deklarasyong ito.

Gamitin ang porma ng Kagawaran Ng Imigrasyon (DIMIA's Form 1040 (http://www.immi.gov.au/allforms/pdf/1040.pdf) Deklarasyong Takda ng Batas (Statutory Declaration) para sa iyong pahayag na itinakda ng batas at para sa iyong "**mga taong may-kakayahan"** Ang porma ay makukuha mula sa DIMIA website form sa pamamagitan ng pag-klik sa linyang kaugnay, o mula sa Kontak na mga Opisyal ng Karahasan sa Tahanan sa DIMIA. (DIMIA Domestic Violence Contact Officers). Ang Kontak na mga Opisyal ng Karahasan sa Tahanan ay matatagpuan sa mga opisina ng DIMIA. Sila ay may karanasang humawak ng mga aplikasyon mula sa mga taong naghahangad ng permanenteng paninirahan batay sa karahasan sa tahanan. Ang Kagawaran ay nangangasiwa ng 24 na oras na linya ng pagtatanong sa telepono sa bilang 131881 para sa halaga ng tawag na lokal. Ang karagdagang impormasyon ng Kagawaran ng Imigrasyon (DIMIA) ay makukuha sa http://www.immi.gov.au

Kung ikaw ay babae na hindi nagsasalita ng Ingles at nasa Queensland at ikaw ay nakakaranas ng Karahasan sa Tahanan, makipag-alam sa Suportang Serbisyo para sa Imigranteng mga Kababaihan (Immigrant Women's Support Service-IWSS) sa 07 3846 3490 o sa website http://www.iwss.org.au

Ebidensiya na ang inyong Pagsasama ay Tunay

Kung ikaw ay maghahain ng aplikasyon para sa imigrasyon bilang asawa, kailangan mo na magbigay ng ebidensiya na sumusuporta sa iyong pahayag na tunay at patuloy ang pagsasama ninyo ng iyong kinakasamang tagatangkilik.

Kasaysayan Ng Inyong Pagsasama

Ikaw at ang iyong kinakasamang tagatangkilik ay kailangang magbigay ng pahayag tungkol sa inyong pagsasama, kabilang:

- paano, kailan at saan kayo unang nagkita
- paano nabuo ang inyong relasyon
- kailan kayo ay nagpasiyang magpakasal o nagsimulang magsama bilang mag-asawa o kinakasama (de facto) o nagsimula ng pagsasamang nagtutulungan.
- inyong kasunduan na pampamilya – paano kayo nagtutulungan sa pananalapi, pangkatawan at pangdamdamin at kailan nagsimula ang ganitong antas ng pananagutan.
- anumang mga pahanon ng paghihiwalay – kailan at bakit nangyari ang paghihiwalay at gaanong katagal at papaano ninyo napanatili ang inyong relasyon sa panahon ng paghihiwalay.
- inyong mga balak sa hinaharap.

Ang pahayag na isinulat mo at ng iyong kinakasamang tagatangkilik ay maaaring isulat sa karaniwang papel na sulatan o sa porma ng Deklarasyong Takda ng Batas. Ang bawa't pahayag o Deklarasyong Takda ng Batas ay kailangang lagdaan at lagyan ang petsa ng taong sumulat.

Tingnan: Porma ng Deklarasyong Takda ng Batas (Statutory Declaration Form)

Ebidensiya ng inyong pagsasama

May apat (4) na malawak na kategoriya ng ebidensiya na kailangan mong ibigay:

- Mga bahaging ukol sa pananalapi
- Ang uri o klase ng pamamahay
- Panlipunang pakahulugan ng pagsasama
- Ang uri o klase ng iyong pananagutan o pangako sa isa't isa.

Lahat ng pagsasamahan ay iba-iba kaya kailangan na magbigay ng mga ebidensiya hangga't makakaya mo at naniniwala kang makakatulong sa iyong mga pahayag. Ang sumusunod na talaan ay pamatnubay lamang. Maaari kang hilingan na magbigay ng karagdagang impormasyon habang isinasagawa ang pamamaraan sa iyong aplikasyon.

Kategoriya ng ebidensiya	Mga uri ng ebidensiya na maaari mong ibigay
Mga bahaging ukol sa pananalapi	Ebidensiya na ikaw at iyong kinakasamang tagatangkilik ay may magkabahaging pananagutan sa pananalapi at mga pananagutan kasama dito: • Ebidensiya ng anumang magkasamang pagmamay-ari ng lupa at bahay o iba pang mas malaking pag-aari at anumang magkasamang mga pagkakautang. Mga halimbawa: kotse, mga kagamitan at kasangkapan, mga utang, seguro, • Pagbabahagi o pagpaparte ng pananalapi • Mga pananagutang ligal na ginawa o ipinangako mo at ng iyong kinakasamang tagatangkilik bilang mag-asawa. • Ebidensiya na ikaw at ang iyong kinakasamang tagatangkilik ay mayroong magkasamang deposito sa bangko para sa katamtamang haba ng panahon. • Magkahati sa pambahay na mga kuwenta at gastusin
Ang uri o klase ng pamamahay	Ebidensiya na ikaw at iyong kinakasama ay magkahati sa mga pananagutan sa pamamahay kabilang ang: • inyong mga kasunduan sa pamumuhay • isang pahayag na nagsasaad ng batayan sa paghahati-hati ng pananagutan sa gawaing pambahay • magkasamang pagmamay-ari o magkasama sa pag-upa ng bahay na tinitirahan • magkasama sa mga kuwentang pangkagamitan mga halimbawa: mga kuwenta sa elektrisidad, gas, telepono • magkasamang pananagutan para sa mga kuwenta ng pang araw-araw na gastusin sa pamumuhay • magkasamang pananagutan para sa mga bata **o** • mga sulat na nakapangalan sa iyo at sa iyong kinakasama at nakalagay ang direksiyong pareho ninyong tirahan

Panlipunang pakahulugan ng pagsasama	• Ebidensiya na ikaw at iyong kinakasama ay karaniwang tinatanggap bilang mag-asawa sa lipunan Halimbawa: magkasamang imbitasyon, ebidensiya na kayo ay lumalabas na magkasama, mga kaibigan at mga kakilala ninyong dalawa. • pagtasa o pagpuna ng mga kaibigan at mga kakilala tungkol sa uri o klase ng inyong pagsasama • ebidensiya na ikaw at ang iyong kinakasama ay nagdeklara ng inyong pagsasama sa mga ahensiya ng pamahalaan, pangkalakal / pampublikong samahan o sa mga awtoridad. • deklarasyong takda ng batas na ginawa mo o mga magulang ng kinakasama mo, mga miyembro ng pamilya, mga kamag-anak at ibang mga kaibigan. • magkasamang miyembro ng mga samahan o mga grupo • ebidensiya ng magkasamang pagsali sa paglilibang, pangkultural o panlipunang mga gawain o • magkasamang paglalakbay Tala: Ang pagbibigay ng mga Deklarasyong Takda ng Batas (Statutory Declaration) mula sa mga magulang ng iyong kinakasama, miyembro ng pamilya, kamag-anak, at ibang mga kaibigan ay karaniwang hindi sapat na ebidensiya ng inyong pagsasama.
Ang uri o klase ng iyong pananagutan o pangako sa isa't-isa	Mga dahilan na makakatulong sa pagbibigay ng ebidensiya sa pananagutan ng isa sa isa o pangakong pagdadamayan sa pagitan mo at ng iyong kinakasama, kabilang ang: • kaalaman tungkol sa mga pansariling kalagayan ng bawa't isa. Halimbawa: pinagmulan at kalagayan ng pamilya na dapat patunayan sa panayam • hangarin na ang inyong pagsasama ay pangmahabang panahon. Halimbawa: gaanong kalawak ang saklaw ng pinagsama ninyong mga bagay-bagay • ang mga takda o kondisyon sa iyong mga huling habilin o testamento • sulat at isa-isang inilistang mga kuwenta sa telepono na nagpapakita na ang inyong kontak ay nanatili sa panahon ng paghihiwalay.

Mga Taong May-Kakayahan (Competent Persons)

Ang mga taong may-kakayahan ay mga taong propesyonal na may kapangyarihan na magbigay ng Deklarasyong Takda ng Batas (Statutory Declaration) bilang ebidensiya ng karahasan sa tahanan. Sila ay:

- mga manggagamot at mga taong dalubhasa sa agham ng isip (Psychologist) na nakarehistro sa Australia
- mga narses na nakarehistro sa Australia at kasalukuyang nagtatrabaho bilang rehistradong narses.
- mga panlipunang manggagawa (Social Worker) (na mga miyembro o mga karapatdapat na maging miyembro ng Australian Association of Social Workers) at kasalukuyang nagtatrabaho bilang mga panlipunang manggagawa.
- mga tagapayo ng hukuman sa ilalim ng Batas Pampamilya (Family Law Act 1975)
- mga tagapamahala o mga tagapag-ugnay sa mga sentrong kanlungan ng mga kababaihan
- mga tagapamahala o mga tagapag-ugnay na mga ispesiyalista sa karahasan sa tahanang panganib at mga serbisyo sa pagpapayo.
- mga taong may responsibilidad o pananagutan sa paggawa ng desisyon sa mga bagay na nauukol sa karahasan sa tahanan sa sentrong kanlungan ng mga kababaihan o mga ispesiyalista sa karahasan sa tahanang panganib at mga serbisyo sa pagpapayo.
- mga awtoridad ng gobyerno o pamahalaan ng estado ng Australia at teritoriyo para sa kapakanan at proteksyon ng bata (kung may karahasan o abuso, kasama ang sekswal na pag-abuso sa mga bata).